DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION
RECEIVED
BY:
DATE: 07/29/2026
TIME: 11:35am
LIGAO CITY DIVISION, LIGAO CITY

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION
RELEASED
BY:
DATE: 07/29/2026
TIME: 11:35am
LIGAO CITY DIVISION, LIGAO CITY

REPUBLIKA NG PILIPINAS
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon V (Bicol)
TANGGAPANG PANSANGAY NG MGA PAARALAN
SANGAY NG LUNGSOD LIGAO
*Tanggapan ng Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan*

72926372

29 Hulyo 2026

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 0365, s. 2026

# PASINAYA SA 2026 PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA, BUWAN NG KASAYSAYAN AT BUWAN NG ASEAN

Sa mga: Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punong Tagamasid - CID & SGOD
Punong-guro/Pinuno ng mga Paaralang Pampubliko at Pribado
(Elementarya at Sekundarya)

1. Bilang pagtalima sa Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, Proklamasyon Blg. 339, s. 2012, at Proklamasyon Blg. 282, s. 2017 na nagtatakda sa buwan ng Agosto bilang Buwan ng Wikang Pambansa, Buwan ng Kasaysayan, at Buwan ng ASEAN, nais ipabatid ng tanggapan ang mga mungkahing pansangay at pampaaralang gawain sa taong ito.

2. Isasagawa ang pasinaya (kick off) ng gawain sa unang Lunes sa buwan ng Agosto (Agosto 3) kasabay ng Seremonya sa Pagtataas ng Watawat.

3. Sa Tanggapang Pansangay, hinihikayat ang mga kawani sa:
   - ✓ pagsusuot ng ASEAN na kasuotan sa araw ng pasinaya sa araw ng Lunes sa ika-3 ng Agosto 2026;
   - ✓ pagpapaskil ng poster ng tema sa 2026 Buwan ng Wikang Pambansa, poster ng Buwan ng Kasaysayan, poster ng ASEAN;
   - ✓ pagbigkas ng panalangin sa Filipino, panunumpa na nasa Filipino: DepEd Misyon at Bisyon, Pahayag ng Patakarang Kalidad ng DepEd, at Tuon ng Halagahan para sa Linggo;
   - ✓ paggamit ng wikang Filipino sa transaksiyon sa tanggapan, at
   - ✓ pagtugtog ng himno ng ASEAN habang pabalik sa mga tanggapan.

4. Sa mga paaralan, iminumungkahi ang:
   - ✓ pagpapaskil ng poster ng tema sa 2026 Buwan ng Wikang Pambansa, poster ng Buwan ng Kasaysayan, poster ng ASEAN at pagkakabit ng watawat ng 10 kasaping bansa sa ASEAN;
   - ✓ pagbigkas ng panalangin na nasa Filipino at mga panunumpa
   - ✓ paggamit ng wikang Filipino sa transaksiyon sa tanggapan, at
   - ✓ pagtugtog ng himno ng ASEAN habang pabalik sa mga klasrum.

5. Bilang pagsunod sa mandato ng Kawaran ng Edukasyon na **"hindi maabala ang klase"** sa loob ng Instructional Block, ang mga gawaing pangwika at pangkasaysayan ay gawing integrasyon sa loob ng klase sa asignaturang Filipino, Araling Panlipunan, at ibang asignatura na may kaugnay sa tema ng gawain.

6. Maaring gawin ang mga timpalak sa klasrum na **tugma sa kompetensi sa bawat linggo** gaya ng sumusunod:

*a. quiz bee sa wika, panitikan, kasaysayan, at ASEAN*
*b. timpalak sa ispeling sa batay sa kasalukuyang Ortograpiyang Pambansa*
*c. timpalak sa pagsulat ng Korespondensiya Opisyal (sa halip na sanaysay sa JHS)*
*d. Saliksik-Histo-Kultural (para sa SHS)*
*e. eksibit – wika/panitikan/kasaysayan*
*f. informance, madamdamin o interpretatibong pagbasa*
*g. at iba pa*

6. Maari ring isingit sa talakay sa aralin sa Filipino ang tungkol at etika at responsableng paggamit ng Artificial Intelligence bilang tuon ng tema ng Buwan ng Wika sa taong ito.


7. Ang mga pagkakagastusan may kinalaman sa gawain ay manggagaling sa MOOE ng paaralan/sangay o iba pang pondong lokal na sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri.

8. Tingnan ang kalakip para sa tema at poster ng pagdiriwang *(maaring ma-downoad sa mga fb page)*.

9. Para sa inyong kaalaman, patnubay, at pagtalima.

**NYMPHA D. GUEMO**
Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan

*Kalakip sa Memorandum Pansangay Blg. 0365*







ASEAN
PHILIPPINES 2026

DepED
BAGONG PILIPINAS
Binatagan, Ligao City (052) 201-2672 ligao.city@deped.gov.ph